**Leveled Reader**
in Tagalog

GRADE
1




# Nakuha Rin Kita!


Kuwento ni Manohar Chamoli

Guhit ni Mayukh Gosh

Salin ni Reynald Ocampo





“Nakuha rin kita!”
sabi ni Palaka.
“Malas mo lang!”
sagot ni Putakti.



"Bakit?" tanong
ni Palaka.
"Tumingin ka
sa likod mo,"
sagot ni Putakti.




“Nakuha rin kita!”
sabi ni Ahas.
“Malas mo lang,”
sagot ni Palaka.



“Bakit?” tanong
ni Ahas. “Tumingin ka
sa likod mo,” sagot
ni Palaka.



“Nakuha rin kita!”
sabi ni Monggus.
“Malas mo lang,”
sagot ni Ahas.




“Bakit?” tanong
ni Monggus.
“Tumingin ka
sa likod mo,”
sagot ni Ahas.




“Nakuha rin kita!”
sabi ni Agila.



“Palaka, pakawalan mo ako at maliligtas ang lahat!” sigaw ni Putakti.



Pinakawalan ni Palaka
si Putakti.



Lumipad pataas
si Putakti at kinagat
nang matindi si Agila
sa leeg.




Pinakawalan ni Agila
si Monggus.




Pinakawalan din
ni Monggus si Ahas.



Pinakawalan ni Ahas si Palaka.



KER-ISPLASSHHH!



Lahat sila ay sumigaw,
“Salamat, Putakti!”
At napaisip si Buwaya,
“Nakuha rin kita...”

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation